

Taon XXXIV Blg. 20 Nobyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Mga desperadong pakana ng rehimeng Arroyo para makapanatili sa poder

along nagiging desperado ang naghihingalong rehimeng Arroyo sa ibayong pag-igting ng krisis 🌶 pang-ekonomya at pampulitika sa bansa. Sarisari ang maniobra at pakanang ginagawa nito para makapanatili sa poder hanggang 2004 at lampas pa rito. Ngunit sa kalakha'y bigo at bumubwelta rin sa rehimen ang mga maniobra at pakana nito.

Biniqyang-daan at sinakyan ni Arroyo ang pakanang impeachment kay Chief Justice Hilario Davide Jr.

na pinagulong ng mga tauhan ni Eduardo "Danding" Cojuangco sa Kongreso sa pag-asang hindi na lalabanan at sa halip ay susuportahan pa ni Cojuangco si Arroyo sa darating na ha-LFCONCILIA^X

lalan. Ngunit bunga ng malaking kontra-bigwas na nilikha nitong kutsabahan at pakana nila, naghugaskamay na lamang si Arroyo at sumakay sa deklarasyon ng Korte Suprema na iligal ang prosesong dinaanan ng impeachment.

Hindi nawawala ang salik ng dahas sa maniobrahan at bangayan sa pagitan ng pangkating Arroyo at mga reaksyunaryong anti-Arroyo para sa pampulitikang poder. Kahit pilit na pilit, sinikap pa rin kamakailan ng mga pulitikong anti-Arroyo na gamitin ang pagkaunsyami ng pakanang impeachment para samantalahin ang destabilisasyong nalikha nito at magplano ng kudeta. Samantalang pinaghahandaan nila ang eleksyon sa 2004, binabalak nilang agawin na ang poder kahit bago pa man ang eleksyon. Ka-

> bilang sa tangkang pagyanig sa rehimeng Arroyo ang paglulunsad ng demonstrasyon ng ilampung libo noong Nobyembre 12. Sa utos mismo ni Arroyo, agad itong marahas na sinupil sa napakaliit na dahilang lumampas ang mga demonstrador nang

ilang minuto sa takdang oras ng pagtatapos. Mabilis na nabuwaq ang hanay ng mga demonstrador nang pagpapaluin sila ng mga pulis, bombahin ng tubig at pasabugan ng tirgas.

Samantala, sa kanayunan, tuluy-tuloy ang matitinding opera-

Mga tampok sa isyung ito...

Danding Cojuangco, kinasuhan ng mga magniniyog PAHINA 3 Ika-2 kumperensya sa gawaing masa sa ST PAHINA 4 Okupasyon sa Iraq, bumibigat na pasanin ng US PAHINA 9 syong militar at paggamit ng karahasan ng estado laban sa mga karaniwang magsasaka. Ito ang pangunahing ginagamit na paraan ng rehimen sa pagsisikap na masupil ang lumalawak at lumalakas na paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Kasabay ng mga ito, gumagawa rin ang rehimen ng marurumi at tusong pakana upang matakpan ang mga katiwalian at iba pang kasalanan nito sa mamamayan, makapagpabango, mapatigil ang mga hakbanging destabilisasyon at paglulunsad ng mga kudeta laban dito, madisarmahan ang iba pang mga kalaban ni Arroyo sa reaksyunaryong pulitika at mapahina ang mga batikos. Sa pamamagitan ng mga ito, hinahangad ni Arroyo na makatagal pa siya sa poder nang lampas sa 2004.

Pinakabago sa mga pakana ng rehimen ang alok nito ng "lubusang rekonsilyasyon" sa lahat ng mga tumutunggali rito, kabilang na ang pamilyang Marcos, ang napatalsik na pangulong Estrada, sina Danding Cojuangco, Sen. Panfilo Lacson, at Sen. Gregorio Honasan, ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Moro Islamic Liberation

Front (MILF). Ayon kay Arroyo, hangad niyang makamit ang pakikipagkasundo sa mga ito bago ang eleksyong 2004.

Ang mga alok ng "rekonsilyasyon" sa mga kalaban niyang paksyon at pulitiko sa hanay ng mga

reaksyunaryong naghaharing uri ay pawang may kaakibat na lihim at kahina-hinalang mga pag-uusap at kasunduan sa kapinsalaan ng mamamayan.

Ang litaw pa lamang sa alok na "rekonsilyasyon" kay Estrada ay ang pag-aatras ng mga tagausig ng pamahalaan ng dating

pagtutol sa kahilingan ni Estrada sa Sandiganbayan na sa US na magpagamot. Bahagi lamang ito ng pinag-uusapan ngayon nina Arroyo at Estrada sa pamamagitan ng kanilang tagapamagitan na si Housing Secretary Mike Defensor. Ang mas malaking sikretong pinapaksa nila ay ang pagpapalusot kay Estrada sa kasong pandarambong kapalit ng

hindi niya pagsuporta sa mga pakanang destablisasyon at sa mga makakalaban ni Arroyo sa darating na eleksyon. Samantala, habang bumibigay si Arroyo, lalo lamang nagpapakipot si Estrada at nagdaragdag pa ng mga kundisyon para

> patagalin ang negosasyon hanggang 2004 at higit pang mabitin at mapresyur si Arrovo.

> Ang "rekonsilyasyon" sa mga Marcos ay may kaakibat na mga panukala para masagkaan ang pagbibigay ng bayadpinsala sa mga bilanggong pulitikal na biktima ng ba-

tas militar ni Marcos. Kabilang dito ang pagbubuo ng "Truth Commission" na sa katunaya'y magdaragdag lamang ng mga balakid at pahirap sa pagkamit ng katarungan para sa mga biktima ng batas militar.

Ang nilalaman ng "rekonsilyasyon" kay Cojuangco ay matagal nang paulit-ulit na pinapakana at pinagsasabwatan nina Arroyo at Cojuangco sa kabila ng matinding pagtutol dito ng mamamayan. Pangunahing nilalaman ng kutsabaan nila ang pagbabaligtad ng kapasyahan ng Korte Suprema na ituring na pag-aari ng publiko ang pondong coco levy. Kaakibat nito ang pagangkin ni Cojuangco sa karagdagang 27% ng mga sapi ng San Miguel Corporation na hawak ng gubyerno, bukod pa sa 20% na ibinalik na sa kanya ng Sandiganbayan dahil lamang sa maliit na teknikal na pagkukulang ng Presidential Commission on Good Government. Kapalit nito and pagsuporta naman ni Cojuangco sa kandidatura ni Arroyo sa darating na eleksyon.

Pakay ng negosasyon sa pagitan nina Arroyo at Lacson ang pag-

nabanggit ay
nangangahulugan ng
pakikipag-areglo sa mga
taong may malaking
pagkakasala sa
mamamayan sa halip na
tiyakin, itaguyod at
pabilisin ang mga
paglilitis at pagpaparusa
sa kanila.

Ang lahat ng kasong

ANG Bayan

Taon XXXIV Blg. 20 Nobyembre 21, 2003

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal Mga desperadong pakana ni Arrovo 1 Danding kinasuhan 3 Mga ulat koresponsal Kumperensya sa gawaing masa sa Southern Tagalog 4 Pagsasamantala sa kanayunan 5 Gawaing pangkultura ng BHB 7 Hybrid Commercialization Sa ibayong dagat Okupasyon sa Iraq, bumibigat na pasanin ng rehimeng Bush 9 **Balita** 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas lulubay ng gubyerno sa pag-uusig sa kasong Kuratong-Baleleng at, sa panig naman ni Lacson, paglulubay sa Part 3 ng paglalantad sa kasong Jose Pidal at pag-atake sa mag-asawang Arroyo. At pakay naman ng mga alok kay Honasan ang pagbitiw na ng gubyerno sa mga kaso niyang paglulunsad ng kudeta noong Hulyo 27, kapalit ng pagtigil na niya ng mga ganitong proyekto at pagkakasya sa mga "pampulitikang paraan ng resolusyon."

Ang lahat ng kasong nabanggit ay nangangahulugan ng pakikipagareglo sa mga taong may malaking pagkakasala sa mamamayan sa halip na tiyakin, itaguyod at pabilisin ang mga paglilitis at pagpaparusa sa kanila. Gagawin ni Arroyo ang lahat, kabilang ang pagsagasa sa mga karapatan at pagkakait ng hustisya sa mamamayan, makapanatili lang siya sa poder.

Subalit harapan mang tanggapin ng mga kalaban ni Arroyo ang mga alok niyang "rekonsilyasyon", wala pa rin siyang katiyakan na titigil ang mga ito sa pagmamaniobra laban sa kanya. Sa halip na palabasing lumalakas si Arroyo, lalo lamang naipakikita ng mga ito ang lubha na niyang kahinaan at desperasyon.

Pangunahing target sa pakanang "rekonsilyasyon" ni Arroyo ang mga kalabang reaksyunaryong pulitiko. Gayunman, inaasahan din ni Arroyo na makatutulong sa pagpapangibabaw sa krisis at pagpigil sa kanyang tuluyang pagdausdos at pagkatalo sa pulitika kung maaakit pati ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kanyang "rekonsilyasyon" sa pamamagitan ng pagtutuloy ng nabiting mga usapang pangkapayapaan.

Ngunit walang mangyayari kung hindi seryoso ang rehimeng Arroyo na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan sa NDF at MILF. Ang pakikipag-usap pangkayapaan sa NDF ay matagal nang sinagasaan at sinasaqkaan ng rehimen sa pamamagitan ng pagdedeklarang terorista ang PKP-BHB at si Kasamang Jose Ma. Sison at pagsasampa ng kung anu-anong nilubid na kasong kriminal laban kay Kasamang Sison. Isinaisantabi rin ang mga nakaraang kasunduan, pilit na ginagawang balangkas sa paguusap ang "final peace agreement" na makaisang-panig na niluto ng qubyerno at walang ibang nilalaman kundi ang pagsuko ng rebolusyonaryong kilusan, at tuluy-tuloy na naglulunsad ng matitinding operasyong militar sa base ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Sa kaso ng MILF, bukod sa pilit na paggamit ng katulad ring bersyon ng "final peace agreement" para pasukuin ito, ibinukas ng rehimen ang usapang pangkapayapaan ng GRP at MILF sa lubusang panghihimasok ng US sa pamamagitan ng US Institute for Peace.

Samantala, patuloy na tumitindi ang krisis sa lipunang Pilipino. Sa kabila ng iba't ibang pagsisikap ni Arroyo na pigilin ang tuluy-tuloy na panghihina at pagdausdos niya sa pulitika, wala siyang epektibong nagagawa para maibsan ang krisis. Lalong nalalapit at natitiyak ang katapusan ng kanyang rehimen.

Danding Cojuangco, kinasuhan ng mga magniniyog

Sinampahan ng mga magniniyog ng kasong pandarambong si Eduardo "Danding" Cojuangco sa Office of the Ombudsman nitong Nobyembre 13. Pangunahing laman ng kaso ang paggamit ni Danding sa P130 bilyong pondong *coco levy* sa pagbili ng mga sapi sa First United Bank (FUB) noong 1975.

Inihapag ng mga magniniyog ang kaso sa pangunguna ng mga organisasyong Pinag-isang Lakas ng Magbubukid sa Quezon at Bicol Coconut Planters Association Inc. Kabilang din sa mga kinasuhan sina Juan Ponce Enrile na noo'y tagapangulo ng Philippine Coconut Authority (PCA) at Maria Clara Lobregat na noo'y isang direktor ng ahensya.

Isinasaad sa reklamo na binili ng mga akusado noong 1975 ang 72.2% ng authorized capital stock ng FUB, ngayo'y United Coconut Planters Bank. Pinabayaran ito sa PCA at kalauna'y kinubra mula sa pondong coco levy. Inilagay sa ngalan ng PCA ang 64.98% mula sa nabiling mga sapi para diumano sa pakinabang ng mga magniniyog. Ang natitirang 7.2% ay inangkin ni Cojuangco.

Ayon kay Atty. Jobert Pajilda, abugado ng mga magniniyog, "...naniniwala kaming si Cojuangco at ang iba pang akusado ay patuloy na nandarambong dahil patuloy nilang pinakikinabangan ang mga iligal nilang gawa noon." Kaya may batayan ang isinampang kaso bagamat ang Plunder Law ay kaaapruba lamang at hindi aplikable sa mga krimeng ginawa bago ito naisabatas.

Bago ito, umapila ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Sandiganbayan noong Nobyembre 4 na baligtarin ng hukuman ang desisyon nito kamakailan na nagpapawalambisa sa pagkakasekwester sa mga sapi ni Cojuangco sa San Miguel Corporation.

Ayon sa KMP, kagyat na dapat resolbahin ng korte ang usapin at baligtarin ang desisyon upang hadlangan ang sabwatang dambungin ang pondong *coco levy*.

\succ

Ikalawang Kumperensya sa Gawaing Masa sa Southern Tagalog, matagumpay na idinaos

Isa na namang malaking tala sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog ang ginanap na Ikalawang Kumperensya Hinggil sa Pagsusulong ng Gawaing Masa sa Kanayunan nitong Agosto. Isa itong malaking tagumpay sa kalagayang nailunsad ito sa gitna ng pinatitinding kampanya ng terorismong militar sa kanayunan ng rehiyon. Ayon sa isang kasama, "malaking dagok ang kumperensyang ito sa kaaway na nagtatangkang papanghinain ang lakas na inabot ng rebolusyonaryong kilusan at ng baseng masa nito."


Sa proseso, ang kumperensya ay naging isang malaking paaralan ng pagbabahaginan ng mga karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa na naglulunsad ng masikhay na gawaing masa sa rehiyon. Inilatag nito ang direksyong tatahakin ng rebolusyonaryong kilusan upang kamtin ang layuning itayo ang mga moog ng rebolusyon sa kanayunan: mga baseng masa na hindi kayang durugin ng kaaway sa kabila ng papatinding kontra-rebolusyonaryong digma nito.

Inilataq sa kumperensya anq kasalukuyang kalagayan ng masang magsasaka at ang inabot na antas ng pagmumulat, pagpapakilos at pag-oorganisa sa kanilang hanay sa paraang hayag at lihim. Dito'y malinaw na tinukoy ang tumitinding kalagayan ng mga magsasaka at ang nararanasan nilang lalong lumulubhang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Ang kalagayang ito ay itinutulak ng pagtatangka ng mga panginoong maylupa, komersyante-usurero at malalaking korporasyong lokal at dayuhan na muling ikonsentra ang lupa sa kanilang mga kamay.

Dahil sa mga kaso ng pangangamkam ng lupa, dumarami ang mga kaso ng pagpapalayas at lumalaki ang bilang ng mga mala-proletaryado sa kanayunan. Subalit hindi binago ng pagsibol ng kalagayang ito ang umiiral na moda ng produksyon. Bagkus, ibayo lamang nitong pinatindi ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Muling pinagtibay ng mga pagaaral sa moda ng produksyon sa iba't ibang linya ng pananim tulad ng niyog, palay, tubo at kape at sa sektor ng pangisdaan ang pagsusuri ng Partido sa naghaharing pyudal at malapyudal na sistema at ang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Pinagkaisa rin ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa patakaran ng nasyunalisasyon ng lahat ng lupaing panginoong maylupa, burgesya kumprador at imperyalista sa kanayu-

rensya ang mga suliraning kinakaharap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa gawaing pagkokonsolida ng baseng masa. Tinumbok ng mga talakayan ang iba't ibang anyo ng konserbatismo sa paglulunsad ng gawaing masa na nagsisilbing malaking balakid sa konsolidasyon ng base at pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Malayo na sa nakaraan ang inabot na paglakas ng kilusang masa sa hayag man o lihim. Hindi pa lamang ito gaanong natutugunan ng solidong pag-oorganisa bunga ng konserbatibong mga pananaw at pamamaraan sa gawaing masa. Naging daluyan ang kumperensya upang lagumin ang mga karanasan ng bawat prubinsya at tukuyin ang mga kahinaang pumipigil sa konsolidasyon ng baseng masa ng rebolusyon.



proseso ng paglulunsad ng gawaing masa. Naging hamon sa bawat isa kung paano mapagpasyang gigibain ang pader ng konserbatismo upang ibayo pang sumulong ang rebolusyonaryong gawain sa kanayunan.

Sa kasalukuyan, isang napakalaking tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon ang paglutas sa bara ng konserbatismo sa gawaing masa sa panahong nakalukob sa kanayunan ang terorismo ng estado at ang nagbabantang armadong panghihimasok ng imperyalismong US. Iniinda ng estado ang dramatikong pagsulong ng rebolusyon sa rehiyon kaya lahat ng paraan ay qinaqawa nito upang wasakin ang Pulang kapangyarihan ng demokratikong qubyernong bayan.

Hinahamon ng ganitong kalaqayan ang mga rebolusyonaryong pwersa upang magsikhay sa pagkokonsolida sa baseng masa ng rebolusyon. Isang malaking tungkulin ngayon ang pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang masa at pagpapasigla ng kilusang antipyudal at antipasista sa kanayunan. Kailangang maglunsad ng malalaking taktikal na opensiba upang pagbayarin nang mahal ang kaaway sa pananalasa nito sa baseng masa.

Hinahamon din ng kasalukuyang kalagayan ang mga rebolusyonaryong pwersa na maging mapanlikha sa mga paraan sa pagoorganisa at pagpapakilos sa masa. Nilampasan na ng kasalukuyang kalagayan ang ilang lipas at nakagawian nang paraan ng pagkilos.

Sa pagtatapos ng kumperensya, bitbit ng mga kasama ang mga aral at hamon kung papaano ibayong pasisiglahin ang gawaing masa at itatayo ang mga moog ng rebolusyon sa kanayunan. Patunay ang lahat ng ito na "ang malawak na kanayunan ay malaking paaralan upang patuloy na matuto at magaral."

Mga lumalaganap na anyo ng pagsasamantala sa kanayunan ng Southern Tagalog

Sa buong Southern Tagalog, 845 panginoong maylupa lamang ang kumokontrol sa 48% ng lupaing agrikultural. Napananatili ang monopolyo sa lupa sa pamamagitan ng ilang matingkad at lumalaganap na anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa rehiyon. Tinatalakay ito ng sumusunod na artikulo, na ibinatay sa mga dokumento ng ginanap kamakailan na Kumperensya sa Gawaing Masa sa Southern Taaaloa.

alamlam na ang init ng araw at ilang sandali pa'y kakalat na ang dilim. Subalit si Ka Selmo'y nakalubog pa rin sa putik at patuloy na naglilinis ng pitak ng palayang kanyang inaalagaan. Kailangan niyang isagad ang pagtatrabaho dahil dito nakasalalay ang pananatili niya sa lupang kanyang pinagyayaman. Sakaling hindi magustuhan ng amo ang kanyang trabaho, maaari siyang palayasin nito.







Nagagawa ng mga panginoong maylupa ang ganito katinding pagsasamantala dahil sa ibayong pagdami ng manggagawang bukid na naguunahang makakuha ng trabaho.

ngayon sa Occidental Mindoro.

Ginagamit ng mga panginoong maylupa sa lalawigan ang sistemang katulong upang lansihin ang mga magsasaka na nakikibaka para sa karapatan sa lupang sinasaka. Sa halip na kumuha ng kasamá, umuupa na lamang sila ng mga manggagawang bukid na itinuturing na katulong. Sa ganitong kundisyon, naipagkakait ng mga panginoong maylupa sa mga manggagawang bukid ang anumang kasiguruhan sa pananatili sa lupa. Magkakasundo na lamang sila sa magiging partihan sa ani. Sa kasalukuyan, karaniwan na ang pito hanggang walong kabang parte ng katulong kada ani.

Nagagawa ng mga panginoong maylupa ang ganito katinding pagsasamantala dahil sa ibayong pagdami ng mga manggagawang bukid na nag-uunahang makakuha ng trabaho. Bunga ng desperasyon, napipilitan silang tanggapin ang kapitsa-patalim na kasunduan upang may maipantawid-gutom ang kanilang mga pamilya.

Ang sistemang katulong ay isa lamang sa mga lumalaganap ngayong anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa mga palayan sa kanayunan ng Southern Tagalog. Lumitaw ang mga ito bunga ng pagtatangka ng mga panginoong maylupa na iwasang mapailalim ang kanilang lupa sa hungkag na Comprehensive Agrarian Reform Law.

Kabilang sa iba pang tipo ng pagsasamantala ang hunusan, porsyentuhan o kontratahan, pakyawan, takai, kabesilya at tampa.

Ang hunusan ay isang sistema ng partihan kung saan 20-25% lamang ng kabuuang ani ang ibinibigay ng may-ari ng lupa sa mga manggagawang bukid. Pero sa Laguna, lumalaganap na kalakaran ngayon ang pagbibigay ng pera sa mga manggagawang bukid katumbas ng dating tinatanggap nilang palay.

Sa sistemang porsyentuhan o kontratahan, ipatatrabaho ng mayari ng lupa ang kanyang tubigan sa mga manggagawang bukid mula sa paghahanda ng lupa hanggang sa pag-ani. Sampung porsyento ng kita sa ani ang ibabayad ng may-ari ng lupa sa mga manggagawang bukid.

Sa sistemang pakyawan, ipapapakyaw na ng may-ari ng lupa sa mga manggagawang bukid ang pagtatrabaho sa lupa mula pagtatalok hanggang pag-ani. Walong kaban kada ektarya o P1,500 ang bayad ng may-ari ng lupa sa mga manggagawang bukid.

Sistemang takai naman ang isa pang nagiging kalakaran ngayon sa Occidental Mindoro. Ang takai ay 25 metro kwadradong sukat ng lupa na ipakokontrata ng may-ari ng lupa sa isang manggagawang bukid sa halagang P100-P150. Matindi ang pagsasamantala sa sistemang ito dahil karaniwang inaabot ang isang manggagawang bukid ng dalawang araw upang matapos ang isang takai. Kaya lalabas na aabot lamang ng P50-75 ang kanyang sahod kada araw.

Matinding pagsasamantala rin ang nararanasan ng mga manggagawang bukid sa sistemang kabesilya. Ang kabesilya ay isang taong may pinamamahalaang grupo ng mga manggagawang bukid. Siya ang lalapitan ng may-ari ng lupa upang kontratahin sa pagpapatrabaho sa kanyang lupa. Bilang namamahala sa grupo, ang kabesilya ang nagmamando sa mga trabahador at hindi siya lumalahok sa produksyon. Bukod sa sahod na ibinibigay sa kanya ng may-ari ng lupa, kumikita ang kabesilya sa pagkakaltas ng P2-5 sa arawang sahod ng bawat manggagawang bukid na kanyang pinamamahalaan.

Kakabit ng sistemang kabesilya ang sistemang tampa. Sa panahong walang trabaho ang isang manggagawang bukid, lalapit siya sa kabesilya upang mangutang ng bigas. Bilang kabayaran, ang isang salop ng bigas (halagang P45) na kanyang inutang ay katumbas ng isang araw na trabaho. Sa panahon ng sahuran, ang kabesilya na ang kukuha ng kanyang kabahagi. Kaya lalabas na P45 lamang ang arawang pasahod sa kanya.

Ibayong pinalalala ng mga nabanggit na bagong anyo ng pagpapasahol ng pagsasamantala ang kahabag-habag na kalagayan ng mga manggagawang bukid na katulad ni Ka Selmo. Sa patuloy na pagkalubog sa putik ng kahirapan, wala silang ibang patutunguhan kundi ang kumilos at magkaisa upang isulong ang tunay na reporma sa lupa sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyon ng bayan.



Gawaing pangkultura ng BHB

Mabisang sandata ng rebolusyon

roong Mayo 1999, walang awang pinatay ng mga nag-ooperasyong militar ang apat na sibilyan sa Lobo, Batangas matapos silang mapaghinalaang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Noong Oktubre 2000, siyam na mandirigma ng BHB ang pinaslang ng militar sa Haliging Kanluran, Batangas City. Ang mga pangyayaring ito ay nagpalaganap ng matinding takot at pangamba sa mamamayan ng buong prubinsya.

Naging malaking hamon para sa mga rebolusyonaryong pwersa rito kung paano mabisang matutulungan ang masa na mapangibabawan ang takot at mapukaw ang kanilang mapanlabang diwa. Nakita ang kahalagahan ng epektibo, matalino, mapamaraan at mapanghikayat na propaganda bilang isang paraan upang mapabilis ang gawaing pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila.

Dahil dito, sinimulan nilang masigasig na paghandaan at langkapan ng kulturang pagtatanghal ang mga pulong masa na inilulunsad sa mga baryo. Karaniwan na qinaqawa anq paq-awit, paqtula, at pagtatanghal ng mga dula sa espesyal na mga aktibidad tulad ng paq-aaral o anibersaryo.

Bukod rito, nakita rin ng mga kasama ang bisa ng sining at panitikan sa araw-araw na mga gawain sa hanay ng masa. Nagsikhay ang mga Pulang mandirigma na paunlarin ang mga pagtatanghal hanggang dumating ang panahong naging bahagi na ito ng kanilang pang-araw-araw na gawain sa hanay ng masa.

Ang paglikha ng iskit o duladulaan ang isang tipo ng pagtatanghal na mahusay nilang napaunlad sa proseso ng paglulunsad ng gawaing masa. 📻 Nilaman ng nalikha nilang

mga iskit ang karaniwang buhay ng mga magsasaka, mga kalagayang kanilang kinakaharap, tulad ng militarisasyon, at ang relasyon sa pagitan nila at ng kanilang hukbo.

Dahil dito, mainit na tinatanggap ng masang magsasaka ang mga iskit na likha ng mga kasama. Sa gayon, ang mensaheng nais ipaabot ay higit na tumitimo sa kanilang isip. Napananatili rin ang atensyon ng masa dahil maiikli ang mga ito. Mabilis ding nakaaantig ang mga ito sa damdamin ng masa dahil napapanood nila ang kanilang mga sarili at kinasadlakang kalagayan sa mga kwento at tauhan ng mga dula.

Naging daluyan ang mga dula ng pagpapatagos ng mga pagsusuri at paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan kaugnay sa mga isyu at iba pang mga usapin na may kinalaman sa kalagayan ng masa. Naging behikulo rin ang mga ito sa pagpapaunawa sa kanila sa kahalagahan ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo, paglutas ng suliranin sa hanay ng mamamayan at, sa kalaunan, maging sa konsolidasyon ng kanilang hanay.

Avon kay Kasamang Mao Zedong, "Ang hukbong walang gawaing pangkultura ay hukbong mapurol at kailanman ay di makagagapi ng kaaway." Pinatutunayan ng mga kasama sa Batangas na ang bawat larangang gerilya ay isang malawak na entablado ng labanan di lamang sa pulitiko-militar, kundi maqinq sa kultura. Ang gawaing pangkultura ay isang mabisang sandata na nagbibigay ng kapangyarihan sa mamamayan upang gapiin ang kaaway.

\succ

Kontra-magsasakang Hybrid Commercialization Program, binatikos


ariing tinuligsa ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid ng Pilipinas-Cagayan Valley ang Hybrid Commercialization Program (HCP), ang bagong pakana ng Department of Agriculture (DA), bilang isang sukdulang panggagantso sa mga magsasaka. Itinutulak ng DA ang programang ito upang mapalaganap sa mga magsasaka ang mga binhing hybrid (mestiso). Pangunahin dito ang mga binhing "suicide" o "terminator" na genetically modified (niretoke ang genes) na hindi na mapagkukunan ng binhi para sa susunod na taniman

Layunin ng mga imperyalistang kumpanyang nagtutulak ng programang ito na lubusan nang maglaho ang mga tradisyunal na binhi at palitan ang mga ito ng mga binhing "terminator" na nangangailangang gamitan ng mga mamahaling abono at pestisidyong pawang qawa ng naturang mga kumpanya.

g progra- murang-murang makukuha ang gamaglaho nitong mga binhi mula sa pitong
binhi at *hybrid* na mais na produkto ng
mga bin- Monsanto, Syngenta at iba pang
gangaila- internasyunal na kumpanya sa agrimamaha- bisnes.

Lulan ng imperyalistang patakarang "globalisasyon," pinapaspa-

hybrid. Ipinalalaganap ng DA na



yop at pagpoproseso ng mga hayop at iba pang aspeto ng agrikultura, hanggang sa produksyon at distribusyon ng mga pagkain ng tao. Pati ang presyo ng mga produktong agrikultural ay kinokontrol na rin ng mga imperyalista. Ang mismong pagpepresyo ng mais sa buong mundo ay itinatakda sa New York Stock Exchange.

Upang mapangalagaan ang monopolyo sa biotechonology (teknolohiya ng mga binhi at iba pang may buhay) ng mga imperyalistang kumpanya sa agribisnes, tinitiyak nila at ng papet na gubyerno ang pagkakaroon ng nauukol na mga batas sa bansa. Kabilang sa mga ito ang RA 9168 (Plant Variety Protection Act), na nagbibigay sa mga dayuhang korporasyon sa agribisnes ng eksklusibong karapatan sa mga binhi at iba pang produktong ayon sa kanila ay sila ang tumuklas. Nalalagay sa disbentahe ang mga magsasaka, katutubo, lokal na mga siyentista at imbentor na nangangalaga, nagpapayaman nagpapaunlad ng lokal na mga binhing hiyang sa mga kundisyon sa bansa.

Sa pamamagitan ng ganitong mga maka-imperyalistang batas at programa sa agrikultura ng rehimeng Arroyo, lalong ginagawang palaasa ang mga magsasaka sa mga binhi at produkto ng mga imperyalistang kumpanya. Ipagkakait din ang karapatan ng mga magsasakang magpunla uli at magbenta ng mga binhing pinayaman at pinaunlad nila.

Ayon sa PKMP-CV, ang pagpapasok ngayon ng mga bagong binhi ay katulad ng naging karanasan ng Masagana 99 at Maisagana noong panahon ng diktadurang Marcos. Binitag ng mga programang ito ang mga magsasaka na gumamit ng mga imported na binhing high yielding variety at ng maraming ka-

syon

pakain sa mga haakibat na mga sangkap sa produksyon. Sa dami at kamahalan ng kinakailangang bilhing bagong binhi, abono, pestisidyo at iba pang sangkap, walang katulad sa nakaraan ang pagkakabaon sa utang ng mga magsasaka. Winasak din ng mga nakaraang programang ito ang mga katutubong binhi na may higit na resistensya laban sa sakit at peste at mas hiyang sa kalupaan at klima sa bansa. Pero kung tutuusin, mas masahol pa ang ginagawa ngayon ng HCP.


Ibinahagi rin ng PKMP-CV ang katulad na karanasan ng Mexico. Sa pagpapaloob ng Mexico sa North Atlantic Free Trade Alliance (NAFTA) noong 1994, pinwersa ng US na tambakan ang bayang ito ng bagong *hybrid* na mais. Pinapirma rin ang Mexico sa isang kasunduan sa Plant Variety Protection. Mais ang pangunahing produkto ng Mexico, pero ngayon sangkatlo ng kinokonsumong mais sa Mexico ay imported na mula sa US. Bumagsak ang presyo ng lokal na mais nang 70%, pero hindi pa rin makakumpitensya ang mga Mexicano sa mababang presyo ng mais mula US. Lubhang lumiit ang kita ng 15 milyong Mexicano na nabubuhay sa produksyon ng mais.

Ang mga papet na rehimen na nagtaguyod ng impervalistang "globalisasyon," mula kay Ramos hanggang kay Arroyo, ay nagtali lamang sa Pilipinas sa panggigipit ng GATT, WTO at iba pang makaimperyalistang kasunduan sa kalakalan at agrikultura. Sa halip na itaguyod ang interes ng mga magsasaka sa bansa, lubusang ibinukas nila ang lokal na pamilihan, kalakalan at agrikultura sa bansa sa walang habas na panghihimasok at dominasyon ng mga imperyalistang kumpanya sa agribisnes. Binaha ang mga pamilihan ng bansa ng mga imported na sangkap at produktong agrikultural. Ipinaubaya sa kanila pati ang kontrol sa teknolohiya sa agrikultura. Humahantong ito ngayon sa walang habas na pagkawasak ng seguridad, pag-asa-sa-sarili at pagunlad ng bansa sa agrikultura at pagkain.

Sa katunayan, hindi na lamang mga magsasaka ang nabibiktima ng Hybrid Commercialization Program. Binibiktima nito ang buong sambayanan.

Labanan natin ang imperyalistang panghihimasok sa agrikultura ng bansa at ang pakikipagkutsabahan sa kanila ng papet na gubyerno. Itaguyod natin ang isang agrikulturang siyentipikong nagtataguyod at nagpapaunlad sa naaangkop na lokal na mga kaalaman at teknolohiya, nagtitiyak sa seguridad at pagtatayo-sa-sarili ng bansa sa agrikultura, pagkain at kabuuan ng ekonomya, at nagtataguyod hindi sa interes ng mga imperyalista at mga alipures nila kundi sa interes ng mamamayan at ng ating bansa.





Okupasyon sa Iraq, bumibigat na pasanin ng rehimeng Bush

I indi pa gaanong nagtatagal mula nang salakayin at tuwiran nang sakupin ng US ang Iraq. Ngunit matindi nang nararamdaman ng US ang lumalaking problema at bumibigat na pasanin ng patuloy na okupasyon nito sa bansa.

Nitong Nobyembre 15, umabot sa 17 sundalong Amerikano ang namatay nang magbanggaan sa ere ang dalawa na namang Black Hawk na helikopter ng US nang umiwas ang isa sa mga *rocket propelled grenade* ng mga Iraqi. Sa pangyayaring ito, umabot na sa limang helikopter ng US ang napabagsak ng mga Iraqi sa loob ng tatlong linggo.

Sa ngayon, mahigit 400 na ang napatay na pwersang US mula nang lusubin ng US ang Iraq. Mahigit 150 rito ay napatay matapos ideklara ni Bush noong Mayo 1 na tapos na ang gera sa Iraq.

Nalampasan na ng bilang ng mga kaswalti sa Iraq nitong huling walong buwan ang bilang sa unang tatlong taon ng US sa Vietnam. Bukod sa mga napatay, mahigit 1,500 na ang mga sundalong US na nasugatan sa mga labanan sa Iraq. Di kabilang dito ang mga tinatamaan ng troma sa gera dahil sa dumarami at tumitinding mga atake ng mga gerilyang Iraqi. Umaabot na ngayon sa 25 hanggang 30 kada araw ang opensiba ng mga Iraqi laban sa mga tropang US.

Mabigat na ring pinoproblema ng mamamayang Amerikano ang mahigit \$4 bilyong ginagastos ng US buwan-buwan para sa patuloy na okupasyon sa Iraq.



Kilusang "Junk GMA," inilunsad ng BAYAN

NAGMARTSA patungong Malakanyang nitong Nobyembre 20 ang libu-libong kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at mga alyadong organisasyon nito para tuligsain si Pres. Gloria Macapagal-Arroyo dahil sa malalaking kaso ng korapsyon. Hinarang sila ng mga pulis sa kanto pa lamang ng Morayta, mga 500 metro mula sa Mendiola kaya doon mismo nila idinaos ang kanilang programa. Ang rali ay hudyat ng kilusang

"Junk GMA!" na nananawagang itakwil si Arroyo sa 2004.

Samantala, pinamunuan ni Vice Pres. Teofisto Guingona ang paglulunsad ng Bangon!, isang bagong multisektoral na grupong tutol sa krimen, korapsyon at katiwalian sa gubyerno. Kabilang sa mga dumalo sa pulong-pagbubuo ng Bangon! si Bayan Muna Rep. Satur Ocampo.

Imbestigahan kapwa sina Cojuangco at Davide-Anakpawis

NANAWAGAN si Crispin "Ka Bel" Beltran ng partidong Anakpawis na ipagpatuloy ang imbestigasyon kina Eduardo "Danding" Cojuangco at Chief Justice Hilario Davide Jr. matapos ibasura ng Korte Suprema noong Nobyembre 10 ang kasong impeachment laban sa punong mahistrado.

Ipinahayag niya noong Nobyembre 11 na dapat imbestigahan ang sabwatan nina Cojuangco at Presidente Arroyo para gipitin si Davide sa layuning baligtarin ang hatol ng Korte Suprema hinggil sa pagiging pondong publiko ng coco levy na malaon nang inaangkin ni Cojuangco. Nanawagan din si Ka Bel na ipagpatuloy ang imbestigasyon kay Davide dahil sa pagkawala ng P300 milyon sa *judiciary development fund* (JDF). Bilang pinuno ng Korte Suprema, aniya, si Davide ang tagapamahala ng JDF at siyang pinakaresponsable sa pagpapaliwanag sa kinahinatnan ng pondo.

"Okupasyon," mula sa p. 9

Habang tumatagal, lalo pang tumitindi at lumalawak ang galit ng mamamayang Iraqi sa mga nagookupang dayuhang pwersa. Malawak at malalim ang suportang tinatanggap ng mga gerilyang Iraqi mula sa mamamayang naggigiit na dapat kaagad nang palayasin ang US sa Iraq.

Maging ang ibang mga pwersa ng koalisyong pinamumunuan ng US sa Iraq ay inaatake at napipinsalaan. Noong Nobyembre 12, 18 tropang Italyano ang namatay at mahigit 80 ang nasugatan nang pasabugan ng *truck bomb* ang himpilan ng kanilang Multi-Specialized Unit (MSU). Mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinakamalaking bilang na ito ng mga kaswalting Italyano sa gera.

Bunga nito, dumarami ang mga Italyanong sumisigaw ng "A casa!" o pauwiin na ang mga sundalo nila mula sa Iraq. May 2,400 pwersa ang Italy sa Iraq.

Samantala, dahil sa lumalaki na rin nilang pangamba sa seguridad at negatibong epekto nito sa pulitika sa bansa, ipinabatid ng gubyerno ng Japan ang lalong pag-aalangan sa matagal na ring binabalam nitong kapasyahan tungkol sa pagpapadala ng ilang daang "di-pangkombat" na tropang Hapones sa Irag.

Iniinda ng rehimeng Bush ang mga bumibigat na pasanin sa okupasyon ng US sa Iraq. Nagiging pinakamalaking salik ito sa negatibong pagtingin ngayon ng mga Amerikano at bumababang tsansa ni Bush na manalo pa sa darating na eleksyon sa US sa 2004.

Bunsod ng mga ito, ipinahayag ni Bush ang kapasyahang madaliin na ang pagpupwesto ng isang papet na rehimen para makapagbawas na ng mga tropang US sa Iraq. Binuo ang kapasyahang ito pagkatapos ng biglaang pagpapatawag niya kay Iraq Governor Paul Bremer at pag-uusap nila kasama sina Secretary of State Colin Powell at Defense Sec. Donald Rumsfeld noong Nobyembre 13 para tayahin ang sitwasyon sa Iraq. Sa halip na paabutin pa sa dating dalawangtaong palugit, nagpasya si Bush na idaos na sa Hunyo 2004 ang eleksyon para sa pagbubuo ng papet na gubyerno sa Iraq. Nais ni Bush na ilang buwan bago ang eleksyon sa US ay maianunsyo na niya ang "paqtataqumpay" ng US sa Iraq.

Mas madaling sabihin ito kaysa gawin. Binalewala ni Bush ang noon pa ma'y natukoy nang malalaking suliranin sa pagbubuo ng papet na rehimen sa Iraq. Karamihan ng mga pinili ng US para ilagay sa papet na pansamantalang Governing Council ay matagal na nawala sa Iraq at bumalik lamang nang inokupa na ng US ang Iraq. Wala rin silang gaanong ugnay sa mamamayan at di makaaasa ng suporta mula sa kanila. Mahigpit din ang bangayan nila sa isa't isa. Malaking problema sa partikular ang pagbubuo ng epektibong papet na hukbong Iraqi.



Taon XXXIV Blg. 20 Nobyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Mga desperadong pakana ng rehimeng Arroyo para makapanatili sa poder

along nagiging desperado ang naghihingalong rehimeng Arroyo sa ibayong pag-igting ng krisis 🌶 pang-ekonomya at pampulitika sa bansa. Sarisari ang maniobra at pakanang ginagawa nito para makapanatili sa poder hanggang 2004 at lampas pa rito. Ngunit sa kalakha'y bigo at bumubwelta rin sa rehimen ang mga maniobra at pakana nito.

Biniqyang-daan at sinakyan ni Arroyo ang pakanang impeachment kay Chief Justice Hilario Davide Jr.

na pinagulong ng mga tauhan ni Eduardo "Danding" Cojuangco sa Kongreso sa pag-asang hindi na lalabanan at sa halip ay susuportahan pa ni Cojuangco si Arroyo sa darating na ha-<u> RIJIONOOJA</u>

lalan. Ngunit bunga ng malaking kontra-bigwas na nilikha nitong kutsabahan at pakana nila, naghugaskamay na lamang si Arroyo at sumakay sa deklarasyon ng Korte Suprema na iligal ang prosesong dinaanan ng impeachment.

Hindi nawawala ang salik ng dahas sa maniobrahan at bangayan sa pagitan ng pangkating Arroyo at mga reaksyunaryong anti-Arroyo para sa pampulitikang poder. Kahit pilit na pilit, sinikap pa rin kamakailan ng mga pulitikong anti-Arroyo na gamitin ang pagkaunsyami ng pakanang impeachment para samantalahin ang destabilisasyong nalikha nito at magplano ng kudeta. Samantalang pinaghahandaan nila ang eleksyon sa 2004, binabalak nilang agawin na ang poder kahit bago pa man ang eleksyon. Ka-

> bilang sa tangkang pagyanig sa rehimeng Arroyo ang paglulunsad ng demonstrasyon ng ilampung libo noong Nobyembre 12. Sa utos mismo ni Arroyo, agad itong marahas na sinupil sa napakaliit na dahilang lumampas ang mga demonstrador nang

ilang minuto sa takdang oras ng pagtatapos. Mabilis na nabuwaq ang hanay ng mga demonstrador nang pagpapaluin sila ng mga pulis, bombahin ng tubig at pasabugan ng tirgas.

> Samantala, sa kanayunan, tuluy-tuloy ang matitinding opera-

Mga tampok sa isyung ito...

Danding Cojuangco, kinasuhan ng mga magniniyog PAHINA 3 Ika-2 kumperensya sa gawaing masa sa ST PAHINA 4 Okupasyon sa Iraq, bumibigat na pasanin ng US PAHINA 9